

MIGRANTE

sectoral party



Newsletter

April 2005

Official Publication of the MIGRANTE Sectoral Party

Sa muling paglathala, mas maraming batas na kontra-migrante ang dapat labanan at ibasura



Sa muling paglathala ng ating *Newsletter*, binabatbat tayo ng napakaraming isyu't banta sa ating karapatan, kagalingan, buhay at kabuhayan sa loob at labas ng ating Inang Bayan. Ito'y hamon na kinakailangang mahigpit na harapin ng ating hanay.

Sa Pilipinas, isinusulong ng gubyrerno ni Gloria Macapagal-Arroyo ang pagsasabatas ng mas mataas na *Value Added Tax*, *National ID System*, *Anti-Terrorism Bill* at iba pang panukalang kontra-migrante at kontra-mamamayan.

Naglabas din ng direktiba ang *Department of Justice* para manmanan ang mga OFW na naniniwala sa Islam at binansagang mga 'kontaminado ng teroristang ideya' ang mga ito.

Mayroon ding mga panukalang batas na inihain sa Kongreso na magpapalala sa walang habas na kapabayaang ng gubyrerno sa ating mga kababayan sa ibayong dagat, lalo na sa mga nangangailangan ng kagyat na tulong mula sa ating mga embahada at konsulado sa iba't-ibang panig ng mundo. Kasama rito ang tinatalakay na pag-aamyenda ng *Labor Code*, mga *anti-terrorism bills* at ang liberalisasyon ng pagdedeploy ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Ang mga panukalang batas na ito ay walang maitutulong sa mga istranded na OFWs sa Saudi Arabia at Jordan, ang mahigit sa limang libong nakakulong at ang libo-libong nabiktima ng *overcharging*, *illegal recruitment* at iba pang paglabag sa ating karapatan bilang mga migrante.

Sa ibayong dagat naman, patuloy ang mga marahas na *crackdown* laban sa mga migranteng *undocumented* sa Malaysia, Japan, Timog Korea, United Arab Emirates at sa Estados Unidos. Dahil sa mga batas na pinapatupad sa diwa ng gyera ng terorismo ng US, dumarami ang mga '*absconder*,' at 'potensyal na teroristang' bansag sa mga Pilipinong *undocumented*.

Kung kaya't matapos nating maibasura ang mga panukalang magpataw ng *income tax* at *airport tax* sa ating hanay, dapat agresibo pa nating labanan ang mga kontra-migrante at kontra-mamamayang patakaran sa Pilipinas at sa ibayong dagat.

Mula sa mga lugar-paggawa, tanggapan at bahay tungo sa mga lansangan sa loob at labas ng bansa, kinakailangang mapangibabawan ang lahat ng isyu't problema at maglunsad ng mga aksyon at protesta laban sa tumitinding pagpapabaya ng gubyrerno sa ating hanay. Kailangan nating puspusang ilantad at tuluyang ihiwalay ang kontra-migrante at kontra-mamamayang administrasyong Macapagal-Arroyo. ♦

Nilalaman/Contents

2 **Editorial**

3 **Balita**

8 **News**

10 **Position
Papers**

16 **Marunong ka
lang magbilang**

MIGRANTE Sectoral Party

Executive Board

Connie Bragas-Regalado
Chairperson

Roy G. Anunciacion
Secretary General

Leopoldo G. Legaspi
Deputy Secretary General

Marieta S. Balaoro
Treasurer

Flora Baniaga Belinan
Auditor



National Secretariat

Allan Bonifacio
Vincent Michael Borneo
Jersey Josue
Raquel Rivera

MIGRANTE Newsletter is published quarterly by the MIGRANTE Sectoral Party Executive Board. MIGRANTE Sectoral Party may be reached at the following contact information:

Mailing Address: # 49 Mayaman corner Matahimik Sts., UP Village, Quezon City, PHILIPPINES Email: migparty@tri-isys.com

MIGRANTE Newsletter may be cited or reprinted as long as the MIGRANTE Sectoral Party is duly acknowledged as the source and is furnished copies of the final work where the quotation or citation appears.

Acknowledgment: Associated Press, Reuters, Daily Tribune, Manila Times, MSP-Hong Kong, MSP-Taiwan, MIGRANTE International, Arkibong Bayan and www.bulatlat.com

Editorial

Maghanda para sa kampanyang pagpaparehistro ng mga Pilipino sa ibayong dagat!

Mag-iisang taon na matapos ang nakaraang halalan. Patuloy nating ipinapatupad ang mga gawain bilang progresibong partido ng mga migrante at pamilya sa Pilipinas at sa ibayong dagat. Ibayong paglawak at sigla ang natamo ng mga tsapter natin sa nakaraang eleksyon at patuloy na lumalahok sa mga kampanya't pakikibakang masa matapos ang eleksyon.

Maraming isinasagawa at ipinagpapatuloy na mga kampanya hinggil sa iba't ibang isyu na kinakaharap ng ating sektor at ng sambayanang Pilipino sa iba't-ibang panig ng mundo.

Sa Pilipinas, nagpupunyagi ang ating *Executive Board* at *National Secretariat* sa aktibong *lobby work* sa Kongreso at Senado para sa iba't ibang partikular na isyu ng ating sektor.

Sa sama-samang pagkilos ng mga tsapter at organisasyon ng Migrante sa loob at labas ng Pilipinas, naipabasura natin ang mga panukalang patawan tayo ng *income tax* at *airport fees*. Patuloy ang pagdinig sa ating hinapag na mga resolusyon laban sa OWWA Medicare transfer, sa abang kalagayan ng mga istranded na OFW sa Saudi Arabia at Jordan, ang pagpatay sa dalawang kababayan natin sa Netherlands, ang mga crackdown sa Malaysia, Japan, Korea at United States, at iba pa.

Tunay na hindi lamang tuwing may eleksyon nakikita ang ating partido. Patuloy tayong nagsasagawa ng serbisyong pang-kagalingan (*welfare services*), mga pag-aaral, treyning at aktibong pagla-lobby sa mataas at mababang kapulungan ng Kongreso at sa lansangan saanman tayo sa buong mundo. Naglulunsad tayo ng mga pakikibaka at kampanyang masa para sa ating karapatan, kagalingan at kahilingan bilang mga migrante at ng ating mga pamilya. Patuloy ang ating pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos para patatagin at palawakin pa ang ating progresibong partido.

Ngunit haharapin natin ang isa pang kampanya para lubusin pa at maksimahin ang ating karapatan na bumoto sa ibayong dagat (*overseas absentee voting*). Inilabas na ng Commission on Elections (COMELEC) ang *Resolution No. 7447* o ang *General Instructions for the Resumption of Registration of Qualified Overseas Absentee Voters* noong Marso 18, 2005. Ito ang "*continuing registration*" para sa migranteng Pilipino sa buong mundo.

Para sa susunod na halalan (Mayo 14, 2007) kinakailangang magparehistro bilang *overseas absentee voters* ang lahat ng mga maaabot nating mga migrante mula Oktubre 1, 2005 hanggang Agosto 31, 2006.

Ngayon pa lamang, simulan na natin ang paghahanda para sa isang malawak na kampanya para sa pagpaparehistro ng mga kababayan natin sa lahat ng panig ng mundo.

Kailangan at kaya nating lagpasan ang ating mga nakamit noong nakaraang panahon ng pagpaparehistro. Kailangan nating palawakin pa ang bilang ng mga Pilipinong mulat sa kanilang karapatang bumoto at sa pakikilahok sa maraming usaping pang-migrante at pambayan -- may eleksyon man o wala. ♦

Kontra-OFW at mamamayan ang 12% VAT

Lumahok ang MIGRANTE Sectoral Party sa lumalawak na kampanya laban sa mga bagong buwis na isinusulong ng administrasyong Macapagal-Arroyo, lalo na sa isinalaksak na House Bill 3555 o ang 12 percent Value Added Tax.

“Ipinalusot ng mga opereytor ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa Kongreso ang House Bill 3555 na magdadagdag ng 2 porsyento sa kasalukuyang 10% Value Added Tax o VAT sa mahabang listahan ng mga bilihin at serbisyo na siyang magdadagdag pa sa mabigat nang pasanin ng maralitang publiko sa gitna na matagal nang krisis sa ekonomya,” ani Connie Bragas-Regalado, tagapangulo ng MIGRANTE Sectoral Party.

Binanggit ng Migrante sa isang pahayag na “hindi kami naniniwala sa sinasabi ng mga Kongresista ng




Ang malaking rali laban sa pagpasa ng VAT sa Senado noong Pebrero 16, 2005

administrasyon na “hindi matatamaan ang mga pangunahing bilihin sa pinatataas na VAT. Ang 12 % VAT sa pagmamamupaktura at pagpapakete ng asukal, kape, tinapay, mantika, sardinas, *noodles*, damit, sapatos, gamot, komunikasyon, materyales para sa konstruksyon, at iba pang produkto ay magbubunsod ng mas mataas na presyo sa mga ito. Ang malaking tipak sa anumang katiting na sweldo na nakukuha nating mga OFW sa ibayong dagat ay hindi makakahabol sa papataas na gastos para mabuhay sa Pilipinas. Ang bagong buwis na ito ay dagdag-pasanin rin sa mga OFW at kanilang pamilya.”

Ang *average cost of living* para sa isang pamilya na may anim na myembro sa National Capital Region ay P602.31 o P498.04 sa pambansang saklaw. Ang minimum na arawang sahod na itinakda ng gubyrerno (*minimum wage*), samantala, ay P250 para sa *non-agricultural workers* at P213 para sa *agricultural workers*. Ang malaking diprensya sa pagitan ng *minimum wage* at *cost of living* ay nagmumula sa P352 hanggang P389.

“Ang 12 % VAT na posibleng isasalaksak sa Senado sa loob ng Abril at ipapataw sa buong bansa ay dadamay sa lahat ng mga OFW at kanilang pamilya na pumapasan na sa malupit na *wage cuts* sa ilalim ng mga dayuhang gubyrerno at sa pangkalahatang pagpapabaya ng administrasyong Macapagal-Arroyo,” pagwakas ni Bragas-Regalado. ♦



Ang 12% VAT sa asukal, kape, tinapay, mantika, sardinas, *noodles*, damit, sapatos, gamot, komunikasyon, at iba pa ay magbubunsod ng mas mataas na presyo sa mga ito. Ang malaking tipak sa anumang katiting na sweldo na nakukuha ng mga OFW ay hindi makakahabol sa papataas na gastos para mabuhay sa Pilipinas. Dagdag-pasanin ang VAT sa mga OFW at kanilang pamilya.

Balita

I-atras ang suporta sa gyera ng US sa Iraq upang iligtas si Tarongoy!

Patuloy na nanawagan ang MIGRANTE sa Pang. Gloria Macapagal-Arroyo na iligtas ang bihag na OFW sa Iraq sa pamamagitan ng pag-atras ng lahat ng suporta sa gyera sa Iraq.

Muling inihayag ng MIGRANTE Sectoral Party na “kinakailangang gawin ng guberno ang pagbawi ng lahat ng suporta nito sa gyerang agresyon ng Estados Unidos sa Iraq para mailigtas ang bisnihag na si Robert Theodore Tarongoy.”



Robert Tarongoy



Mga magulang ni Robert: Isabelita at Tomas Tarongoy.

Binihag noon pang Nobyembre 2004 si Tarongoy, kasama ang isang Amerikano, ng mga umano'y rebeldeng Iraqi mula sa Saudi Arabian Trading and Construction Corporation sa Baghdad.

Kasama sa hinihiling ng mga bumihag kay Tarongoy ang (1) pagbaklas ng 6,500 manggagawang Pilipino sa Iraq at (2) ang pagwawakas ng kooperaysong militar ng Pilipinas at Estados Unidos.

“Hindi malinaw kung ano ang ginagawa ng guberno ni Arroyo para mailigtas si Tarongoy. Maging ang 6,500 Pilipinong sibilyan na nagtatrabaho sa mga empresa't baseng militar ng US ay nagiging mga lehitimong target tuloy ng mga rebeldeng Iraqi. Kung walang pagbawi ng suporta ng guberno sa gyera ng US sa Iraq, mapapahamak pa si Tarongoy at ang mga buhay ng lahat ng OFW sa nasabing bansa,” pahayag ng MIGRANTE.

Hindi rin pinakikinggan ng Malacanang ang mismong hiling ng mga magulang ni Tarongoy noong Marso 11, 2005 na magbigay ng pampulitikang pahayag ang Pangulo sa pagbawi ng suporta nito sa pag-okupa ng US sa Iraq. ♦

Pinabayaan ng embassy kaya napugutan ang 4 na OFWs

Mariing binatikos ng Migrante Sectoral Party ang Department of Foreign Affairs “pag-amin na nagulat pa sila sa balitang napugutan ang apat na migrante sa Saudi Arabia sa salang pagpatay umano sa isang kapwa Pilipinong manggagawa.”

Binanggit lang ni Gilberto Asuque, tagapagsalita ng DFA, na “ipinaalam lang sa Philippine Embassy sa Riyadh ang pagpugot sa ulo nina Sergio Aldana, Miguel Fernandez, Wilfredo Bautista at Antonio Alviza matapos silang pugutan noong maagang bahagi ng Marso 2005.”

“Ipinapakita lang nito na walang hakbang na ginawa ang mga opisyal ng DFA at Embassy sa Riyadh para mailigtas ang buhay ng apat na OFW kahit na nakipag-ayos na ang mga pamilya nila ng *blood money* at *affidavit of forgiveness* mula sa pamilya ng pinaslang umano na Pilipino,” banggit ni Connie Bragas-Regalado, tagapangulo ng MIGRANTE Sectoral Party.

Sa ilalim ng batas ng Saudi Arabia, ang parusang kamatayan ay hindi itinutuloy kapag nagpatawad ang pamilya ng biktima sa mga akusado sa pamamagitan ng pagbigay ng *affidavit of forgiveness*. Inamin din Malacañang has na hindi nito alam na pinatawad na ng pamilya ng biktima ang apat na kapwa Pilipinong napugutan sa Saudi Arabia .

“Hindi kumilos ang guberno sa kaso ng apat na kababayan nating ito. Pinayagan lamang ng rehimeng Macapagal-Arroyo na mapugutan ang ulo nila,” ani Bragas-Regalado. ♦

**Sumali sa MIGRANTE!
Maging VOLUNTEER
sa National Office!
Mag-Email sa:
migparty@tri-isys.com**

Balita

MIGRANTE Sectoral Party pormal na inilunsad sa Taiwan


Pakikipagtulungan at mas mahusay na paglilingkod sa kapwa Pilipinong migrante sa Taiwan ang nagbunsod ng paglulunsad ng Migrante Sectoral Party-Taiwan Chapter sa kanilang matagumpay na pangkalahatang asembleya sa Taipei noong Marso 13, 2005.

“Malinaw ang itinakda naming layunin: Patatagin ang Migrante sa Taiwan para maisulong ang karapatan at kagalingan ng mga kababayang migrante,” ani Emma Lacsam, bagong halal na MSP-Taiwan Chapter Chairperson.

Inihalal din ng asembliya sina Lalaine Nava (Vice Chairperson), Gi Estrada (Secretary General), Jean Mogdingin (Deputy Secretary General), Yolly Quijano (Treasurer), at Danny Monares (Auditor). Binuo rin ang apat na komite para sa edukasyon, aktibidad, pinansya at pag-oorganisa.



ILANG opisyal at myembro ng MIGRANTE Sectoral Party Taiwan Chapter matapos ang unang General Assembly nila sa Taipeh.



SI Gi Estrada, Pangkalahatang Kalihim ng MIGRANTE Sectoral Party Taiwan Chapter sa General Assembly nila sa Taipeh.

Tatlumpu't anim na kasapi ang lumahok sa kauna-unahang pangkalahatang asembleya ng Migrante-Taiwan. Dumalo rin ang mga lokal na kinatawan ng iba't ibang lokal na non-government organizations (NGOs) tulad ng Labor Rights Association (LRA), Taiwan International Workers Association (TIWA), Taiwan Migrants Forum, at ang Chinese Federation of Labor.

Para sa mga lokal na organisasyon ng mga migranteng Pilipino, dumalo rin ang mga kinatawan ng Filipinos Married to Taiwanese Association, Genuine Ilocano Taiwan Association, Samahang Makata International, Kapulungan ng Samahang Pilipino, at ang Hsinchuang Filipino Community.

Sa matagumpay na aktibidad na ito, nagpahayag ang Migrante-Taiwan na “ang pagdalo ng iba’t-ibang organisasyon sa asembleya ng Migrante ay kasama sa mga panimulang hakbang sa pagbubuo ng kilusang migrante sa Taiwan na may mahigpit na ugnayan sa mga lokal na mga grupo.”

“Ang aking inaasam,” dagdag pa ni Lacsam, “ay maipalaganap ang Migrante Sectoral Party sa Taiwan. “Lagi kong sinasabi sa ating mga kasapi na ang pagpapatala sa membership form ay hindi sumasapat. Bilang mga kasapi, kinakailangang mulat tayo sa ating mga responsibilidad. Kailangan ang komitment. Trabaho natin na panatilihin solidong at aktibo ang ating grupo.”

Itinakda rin ng asembliya ang direksyon na tatahakin Migrante-Taiwan sa loob ng dalawang taon.

Sa kagyat, naghahanda ang Migrante-Taiwan sa pagpapakilos ng mga kababayang migrante sa Mayo 1 bilang solidarity sa mga lokal na manggagawa.

Patuloy na ipupursige ng Migrante sa Manila Economic and Cultural Office (MECO) na humiling sa mga awtoridad ng Taiwan na ibasura ang mga *penalty* sa mga migranteng *undocumented*; *contract substitution* at ang pagbayad ng dagdag na *placement* at *documentation fees* ng mga *re-hires*. ♦

RWAP ng MSP-Hong Kong inilunsad

HONG KONG -- Pagtitiyak para sa proteksyon at kagyat na tugon sa mga migranteng manggagawa sa buong mundo at kumilos para sa pagbibigay ng nakasasapat at angkop na serbisyo ang gobyerno.

Ito ang mga pangunahing layunin ng Rights and Welfare Assistance Program (RWAP) ng Migrante Sectoral Party sa lahat ng tsapter nito.

Dito sa Hong Kong, pormal na inilunsad ang MSP-HK-RWAP sa Leaders Kapihan na inorganisa ng United Filipinos in Hong Kong (UNIFIL) noong ika-20 ng Marso sa Peak Tram, Central.

“Panahon na upang magkaroon ng komiteng tututok sa mga hinaing ng ating mga kababayang hindi agad natutugunan ang kanilang pangangailangan sa kunsulado,” ayon kay Vicky Casia-Cabantac, tagapangulo ng MSP-HK.

Kabilang sa bumubuo ng MSP-HK-RWAP sila Sol Pillas, UNIFIL vice chairperson, Goody Cadaoas, MSP coordinator, Chloebelle Dogeno, TxtPower HK spokesperson, at Cynthia Palamor, volunteer ng Mission for Filipino Migrant Workers.

Mga reklamo laban sa *Omnibus Policies* ng Overseas Workers Welfare Association (OWWA) at kapabayaang sa serbisyo ng gobyerno ang target na bigyan ng atensyon at aksyon ng komite. “Kailangang sama-sama tayong ipakita sa Gobyerno kung bakit natin hinihingi na kailangang ipawalang-bisa at ibasura ang *Omnibus Policies* ng OWWA na lumalabag sa karapatan at kagalingan ng mga OFWs at kanilang pamilya,” ayon kay Cabantac.

Ibinahagi naman nila Liberty Ambali mula sa Filipino Mission Ward Methodist Group at Mely Fernandez mula sa Mission Volunteers, ang mapait nilang karanasan sa OWWA na tumangging tumulong sa kanilang nagigipit na pamilya.

Tampok sa pulong ang kapabayaang ng konsulado sa 11 na marinong biktima ng dalawang ilegal na rekruter sa Manila. Noong una silang dumulog dito, sinabihan sila na wala silang laban sa kaso dahil wala nga silang kontratang maipakita. Mabuti pa ika’y umuwi na lang sila kaysa mag-aksaya pa ng oras sa Hong Kong.

Sa tulong ng Mission for Filipino Migrant Workers (MFMW), nakapag-extend ng visa ang mga marino sa *Immigration Department* upang sila’y makapagsampa ng kaso sa *Labour Department*. Nilubos-lubos na rin ng MFMW ang pagtulong sa paghahanap ng matitirhan at sa mga *network* na magbibigay ng suporta sa pagkain at iba pa nilang pangangailangan.

Nagpiket sa konsulado ang mga marino, kasama ang MFMW, Bethune House Migrant Women Refuge, UNIFIL, mga kasapi sa Migrante HK at iba pang mga organisasyon, upang tuligsain ang kapabayaang ng mga opisyal ng gubyerno sa mga nasa kagipitan.

Nanaig din ang kolektibong puwersa ng mga migranteng



ANG walo sa labing-isang marinong biktima ng ilegal na rekruter sa isang piket sa Konsulado sa Hong Kong.

manggagawa noong pumayag ang konsulado na magbigay ng *allowance* para sa pagkain, tirahan at pamasahang mga marino habang pinoproceso ang kanilang kaso.

Masayang-masaya ang mga marino nang manalo sila sa *Hong Kong Labour Tribunal*. Sa ngayon umuwi na sila at sa Pilipinas na hintayin ang *claims* nila sa pamamagitan ng *Wages Protection Program on Insolvency Fund* ng *Labour Department*.

Hindi nagwawakas ang kanilang kaso dito sa Hong Kong dahil maghahain din sila ng reklamo laban sa dalawang manloloko na nagpadala sa kanila. Ito ay sa tulong pa rin ng Migrante International sa Manila, ayon sa kanila.


Samantala, nagsimulang mangalap ng mga reklamo ang MSP-HK-RWAP sa buong teritoryo. Ito’y bahagi ng ating programa na magsisilbing boses ng mga biktima sa mga ahensya ng gobyerno. Magbibigay din sila ng kopya sa mga kaukulang kongresista para sa maagap na imbestigasyon sa mga kaso. ♦

Dapat ibasura ang batas deregulasyon sa industriya ng langis

Binatikos ng MIGRANTE Sectoral Party ang administrasyon Macapagal-Arroyo sa “kanyang paggamit ng panlilinlang sa terminong ligal imbis na tugunan ang kahilingan ng mamamayan na agad ibasura ang batas deragulasyon sa industriya ng langis (*Oil Deregulation Law*) na sanhi ng walang ampat na pagtaas ng presyo sa produktong petrolyo na lalong nagpapahirap sa mga OFW, kanilang pamilya at sa karamihan ng populasyon ng Pilipinas.”

“Nagpahayag lang ang Malacanang na ‘repasuhin lang ang *oil deregulation law* (RA 8479).’ Hindi ito ang solusyon sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis. Dapat ibasura ang batas na ito at kontrolin ng gubyrerno ang presyo ng langis,” banggit ni Connie Bragas-Regalado, tagapangulo ng MIGRANTE Sectoral Party.

Matatandaan na ang unang *oil deregulation law* (RA 8180) ay ginawa upang magpalaganap umano ng “isang kumpetitibong palengke at presyuhan sa pagpapasok ng



“maliliit” na kumpanya ng langis sa bansa na monopolisado ng Pilipinas Shell, Caltex Philippines at Petron Inc.”

“Pero dahil sa malawak na protesta ng mamamayan noong 1997, pinalitan ang RA 8189 ng bagong “*Downstream Oil Deregulation Act of 1998*” (RA 8479) para sa todo-todong deregulasyon ng industriya ng langis. Tinanggal ng batas na ito ang *Oil Price Stabilization Fund* na nagbibigay dati ng subsidyo sa bawat pagtaas ng presyo ng langis at hinayaan na ang mga kumpanya ng langis na magtaas ng presyo ayon sa kanilang kagustuhan,” ani Bragas-Regalado.

Binanggit din ng Migrante ang kanilang mga hinaing sa pamahalaan para kongkretong harapin ang pagtaas ng presyo ng langis:


1. I-sentralisa ang pagbili ng *imported crude oil* at repinadong produktong petrolyo;

2. Kagyat na ibasura ang mga ispesipkong buwis sa mga produktong petrolyo (lalo na sa *diesel* at *liquefied petroleum gas* o LPG);

3. Ilunsad ang regular at pinakamalawak na pampublikong konsultasyon bilang rekisito bago ang anumang pagtaas ng presyo ng langis; at

4. Paglalantad ng iskema sa pagpresyo ng at *stock inventory* ng mga kumpanya ng langis sa publiko.

“Doble pasanin ng mga OFW at kanilang pamilya ang bawat pagtaas ng presyo ng langis sa Pilipinas. Kailangan na ibasura ng gubyrerno ang RA 8479 at harapin ang mga kahilingan natin para sa kapakanan ng mayorya ng mamamayang Pilipino,” wakas ni Bragas-Regalado. ♦



**I-rolbak ang presyo ng langis!
Ibasura ang Oil Deregulation Law!**

News

Foreign Affairs Committee to look into rights violations against undocumented Filipinos in Malaysia

The House Committee on Foreign Affairs has initially taken up the ongoing Malaysian crackdown on undocumented migrants as an emerging concern of the House of Representatives.

House Foreign Affairs Committee Chairman Antonio Cuenco took credence to the MIGRANTE presentation of the previous Malaysian crackdown in 2002 that told of inhumane deportation procedures and the torture of undocumented Filipinos to be deported during the said Committee's public hearing last March 15, 2005.

"The powerpoint presentation showed that any crackdown was, is, and never will be a humane procedure as what the Department of Foreign Affairs would want the public to believe. The ongoing crackdown this time may prove to be a lot worse with the news blackout in Malaysia regarding the hunt for undocumented migrants, Migrante Sectoral Party Chairperson Connie Bragas-Regalado said.

Foreign Affairs Undersecretary Jose Brillantes tried to dispute the MIGRANTE leader's statements to no avail.

"How can Usec. Brillantes dispute our data? Estimates of the Philippine government and various non-government organizations in the region place the overseas Filipino populace in Malaysia at 712,104 workers. As of December 2004, only 213,000 are considered by the Malaysian government to be legally employed, while the rest are undocumented workers (499,104)" Bragas-Regalado said.

All the jails were filled to the brim even before the crackdown that started on March 1. The Malaysian government is seeking out vacant houses and buildings to place undocumented workers it has seized from factories,

plantations, restaurants, clubs and construction sites.


"The 560,000-strong People's Volunteer Corps (also called Relas) who were deputized to implement the crackdown will be rewarded 80 ringgits (P1,144) per undocumented migrant arrested. The Relas have not been trained in humane arrest procedures, respect for human rights and international humanitarian law. Hence, the crackdown is highly open to abuse of authority and due process will not be observed," Bragas-Regalado said.

Undocumented Filipinos will be subjected to arrest, a minimum 14-day detention, caning and deportation. Those who entered as documented workers but have overstayed will not be caned. But there are no procedures on how to distinguish between undocumented workers and overstayers and those who ran away from abusive employers.

There were also media reports that those who opt for legalization of their status must pay up to 3,000 ringgits (P42,900) to the Malaysian government.

However, Rep. Cuenco demanded that Migrante provides the names of the Filipinos who were tortured or caned saying that "these are very serious allegations. You are accusing the Malaysian government of subjecting our people to torture and caning. You better provide the committee with names so that we can look deeper into this."

"We are willing to work with the Committee on Foreign Affairs to attain that end. That is why we have been urging the House to conduct an on-site fact finding mission on the detention centers in Malaysia to ascertain the conditions of our undocumented compatriots who have been caught in the crackdown," Bragas-Regalado concluded. ♦



News

Gov't now branding Muslim OFWs as terrorists!

“Baseless, highly irrational, racist and definitely anti-OFW!”

Thus declared an angry MIGRANTE Sectoral Party Chairperson Connie Bragas-Regalado on the Department of Justice order to monitor returning overseas Filipino workers (OFWs) reportedly ‘contaminated by the terrorist mentality.’

Justice Secretary Raul Gonzalez issued a directive on March 30 to the National Bureau of Investigation (NBI) and Bureau of Immigration (BI) officials to monitor the entry of OFWs coming from the Middle East especially from Saudi Arabia, and even students from Islamic schools in Pakistan.

“We condemn this government witch-hunt on Muslim OFWs and scholars! Sec. Gonzalez’ claims of ‘intelligence reports revealing that some of the Muslim converts became Muslim extremists and terrorists when they returned to the Philippines’ is totally illogical and baseless. This government is again sending the wrong message to the public: that our Muslim brothers and sisters are a violent people. Now they include our Muslim Filipino compatriots who were forced to work and/or study in the Middle East due to the lack of opportunities here in the country and the government’s war against Muslim communities that have destroyed the Madrasahs and even mosques time and again since the 1970s. This is definitely anti-Muslim and anti-OFW,” Bragas-Regalado charged.

Migrante also said that “the DOJ order stinks of the United States government’s concept of Homeland Security, racial profiling and terrorist branding and witchhunting.”

“The said order has practically branded all OFWs who believe in Islam as ‘potential terrorists.’ It is a witchhunt on the very people who government always claims as the country’s ‘new economic heroes.’ This is actually a copycat tactic of the Department of Justice. They are mimicking the illogical and baseless tirades of the United States government towards Muslims and other nationalities. The DOJ order must be immediately scrapped by Malacanang,” Bragas-Regalado ended. ♦

Singapore laws are definitely anti-migrant

The MIGRANTE Sectoral Party criticized the Department of Labor and Employment of officials for deceiving the public for saying that “Singapore is good destination for overseas Filipino workers due to its new measures enacted in the city-state.”

“Labor undersecretary Manuel Imson is misleading the public in calling the new Foreign Manpower Division (FMD) of the Singaporean government as a ‘welfare protective agency for legally employed foreigners.’ But a careful examination of the Immigration Amendment Act of 2004 passed by the Singapore legislature in November 16, 2004 reveals that this new office was created to crackdown on undocumented migrant workers that include Filipina domestics who enter Singapore on tourist visas,” MIGRANTE Chairperson Connie Bragas-Regalado said.

The Department of Labor and Employment furthered that “the FMD, under the Ministry of Manpower (MoM), is tasked to protect foreign workers, improve professionalism among employment agencies and strengthen employment enforcement by conducting spot checks on employers of foreigners.”

“But Philippine labor officials ignore the fact that under this Immigration Law, the Singapore Immigration & Checkpoints Authority (ICA) and MoM have provided an online verification service wherein any Singaporean can verify the status of their tenants directly with ICA and MoM. This provision will render undocumented Filipino workers, especially those who entered Singapore on tourist visas, prone to arrest at airports, roads, seaports and be penalized with fines and jail terms. Migrant workers who enter on tourist

visas are illegal under the said law,” Bragas-Regalado said.

Among others, a levy will be exacted from migrant workers with a S\$2,500 basic monthly salary.

Also a former domestic worker in Singapore, Bragas-Regalado added that “the Singapore government’s FMD, MoM and ICA will not improve the services and protection of OFWs as the DOLE would want to project. It will only intensify the existing anti-migrant policies and exact revenues from undocumented workers in the police-state.”

Migrante also pressed Philippine labor officials to “stop praising the Singapore government for creating new anti-migrant policies. The adverse impacts of the Immigration Law amendment should be studied so that appropriate contingency measures can be taken to protect the undocumented Filipinos in the police-state.” ♦

MIGRANTE Position Papers

New Immigration Law will penalize victims of human trafficking in Japan

The Migrante Sectoral Party has called on the Philippine government to clear the air and appropriately respond to a new immigration control law that would ride roughshod on victims of human trafficking in Japan.

Law No. 73 enacted by the Japanese Diet on June 2, 2004 for the Partial Amendment of the Immigration Control and Refugee Recognition Act in its 159th session is in reaction to a supposed “deterioration of public security” and to address rampant human trafficking.

When issues and laws of “public security” – a euphemism for anti-terror legislation – crop up, victims of human trafficking, undocumented migrant workers and foreign residents become targets of inhumane procedures that include warrantless arrests, jail terms, steep fines and deportation.

Technically, most of all the 304,678 Filipinos in Japan may be subjected to the harsh penalties and procedures of the new Japanese law.

